# Nang Mamulat si Makmak

Kuwento ni: Virginia M. Mendoza

Guhit at Lapat ni: Timothy M. Bagang







*Pamantayan sa Pagkatuto*

*Nakikilala ang mga pangunahing emosyon (tuwa, takot, galit at lungkot) SEKPSE-00-1*

*Naipapakita ang simpling kahandaan sa panahon ng sakuna tulad ng lindol, baha, sunog, atbp. KPKPKK-Ih-4*



## Development Team

Kuwento ni: **Virginia M. Mendoza**

Guhit at Lapat ni: **Timothy M. Bagang**

Learning Resource Manager:

**Ruby M. Jimenez, PhD**

*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*

**Pampanga**

# Nang Mamulat si Makmak



Bata pa lang si Makmak ay namulat na ang kaniyang kaisipan sa hirap ng buhay. Mataas ang kanyang pangarap.



Simpleng pamilya lang mayroon si Makmak. Magsasaka ang kanyang Tatay Nestor at mananahi ang kanyang Nanay Lerma.



Tatlo silang magkakapatid. Ang kanyang Kuya Justine ang panganay, pangalawa naman ang kanyang Ate Mabel. Bunso si Makmak.



Libangan ni Makmak ang pagguhit. Kahit saan siya magpunta basta may oras kukunin niya ang kaniyang lapis at papel.



At tulad ng dati, iisa lang ang klase ng kaniyang ginuguhit, mga bahay. Ibat-ibang mga disenyo, kulay at hugis.



Palagi niyang sinasabi sa kaniyang ama na pagagawa nila ang kanilang bahay at tanging pag-ngiti lang ang isinasagot nito.



Gustung-gusto talaga ni Makmak ang mga bahay na bato. Dahil para sa kanya ang mga ito ay pawang matitibay.




At di tulad ng kanilang bahay na gawa sa kawayan, pawid at sawali ang mga dingding.



Para kay Makmak ang kanilang bahay ay magigiba at bibigay kapag dumating ang bagyo. Walang laban sa lupit ng kalisakasan.



At di tulad ng mga bahay ng kanilang mga kapitbahay na gawa sa bato at yero ang mga bubong nito.




At alam ni Makmak na matitibay ang mga bahay na ganito, kayang sanggain kahit anumang oras tamaan ng bagyo.



Isang maanlisangang hapon, galing si Makmak sa paaralan. Nakahiga siya sa kaniyang papag nang biglang gumalaw ang kaniyang hinihigaan.



Palakas nang palakas. Napapipikit si Makmak at nagdasal. Sumisigaw at umiiyak na pinuntahan ang kaniyang mga magulang na pawang natatakot.



Naisip ni Makmak na anumang oras ay bibigay na ang kanilang bahay. Na anumang oras ay pwede itong masira.



Subalit hindi natinag ang kanilang bahay. Bagkus, ito ay sumabay sa indayog ng kalikasan. Para silang nasa loob ng duyan.



Ilang segundo rin ang itinagal ng paghele sa kanila ng kalikasan at laking gulat ni Makmak sa kaniyang nakita.



Ang mga bahay na kaniyang hinahangaan ay labis na nasira. Ang iba ay nagiba. Hindi kinaya ang bagsik ng kalikasan.



Siya'y namangha sa kanilang bahay na nagmamalaking nakatayo, buo at walang sira. Kinayang lampasan ang lupit ng tadhana.



Nagdasal at nagpasalamat si Makmak at ang kanyang pamilya, kasabay ng kanyang pagkamulat sa estado ng kanilang buhay at bahay.







## TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

**VIRGINIA M. MENDOZA:** Kasalukuyang nagtuturo sa
Malino Elemetary School
San Jose Malino, Mexico, Pampanga
bilang Teacher I.

**TIMOTHY M. BAGANG:** Kasalukuyang nagtuturo sa
San Juan Nepomuceno Elementary School
San Juan Nepo., Guagua, Pampanga
bilang Teacher I.

Pangarap ni Makmak ang magkaroon ng malaki at magandang bahay. Dahil para sa kanya ang  ganitong bahay ay makakayang lampasan ang anumang hagupit ng kalikasan. Subalit nabago ang pananaw niya ng minsang humampas sa lugar nila ang indayog ng kalikasan.

